# 1

*Al Wahda, Sharjah U.A.E…*

Napabalikwas ng bangon si Sharynn. Nanaginip na naman siya. Limang taon na ang nakalilipas, pero bakit hindi pa rin niya makalimutan ang asawa?

Nasabunutan niya ang sarili. Naiinis siya.

Pabangon siya ng kama nang maramdaman niya ang pagtama ng pinong buhangin sa kanyang mukha.

"Oh, sh*t!" She moved quickly to close the window. Nag-sand storm na naman tanda na nagpapalit na ang panahon. Kinuha niya ang handheld vacuum cleaner para linisin ang nagkalat na buhangin. Hindi pa siya tapos nang isang katok mula sa pinto ang narinig niya.

"Bukas 'yan," aniya.

Pumasok si Vivian. Kasamahan niya ito sa trabaho at sa bahay. Kasalukuyan silang nangungupahan ng flat sa seventeen-storey building na iyon ng *Al Nuaimi Twin Tower*. Nasa ikalimang palapag sila.

"Girl, please help me!" tumitiling bungad nito.

Pasalampak itong humiga sa kama niya, hawak ang nagri-ring na cellphone. Napatingin lang siya rito. “Tumatawag na naman ang ex kong lamok, nangungulit.” ‘Lamok’ ang tawag ng mga Pinoy sa Arabong Pulis.

“Talaga.” Hindi niya pansin ito. Patuloy lang siya sa pag-va-vacuum.

“Pinrangka ko na nga, eh. Sinabi ko ayoko na sa kanya dahil bukod sa kuripot, tatalunin pa niya si King Kong sa dami ng balahibo.

“Akala ko ba Pana ang last na ex mo?” ‘Pana’ naman ang tawag nila sa mga Indian.

“Yeah. Ex ko rin ’yon pero mas nauna itong si Obed kesa kay Raju. Sige na, Sharynn, help me naman. Ikaw na ang kumausap dito.”

“Eh di, patayan mo ng cellphone. Huwag mong kausapin.”

“As if naman maiiwasan ko ang lamok na iyon. For sure kung hindi dito sa bahay, doon sa salon iyon pupunta. Sige na, girl, please help me naman. Ako na ang maglilinis nitong kuwarto mo.” She grabbed the vacuum from her hand and replaced it with the ringing mobile.

“Vivian, ano ba! Gulo mo ito, lusutan mo.”

“Sharynn, maniwala ka kapag kinausap ko ’yan, panigurado sa kulungan mo na ako makikita. Makakapatay talaga ako ng tao. Please, sige na naman. Tatanawin kong malaking utang-na-loob ito.”

Napailing na lang siya.

“Magaling ka naman sa pakikipag-usap, di ba? For sure makukumbinsi mo ’yan na kalimutan na ako. Besides, sa ating apat ikaw ang pinakamatapang, kahit sinong herodes napapasunod mo.” Apat silang magkakaibigan na nakatira sa flat na iyon. Magkakasama rin sila sa trabaho sa isang malaking salon bilang beauticians at hair stylists.

“Hay naku, Vivian, napakakulit mo talaga.” Ipinilig niya ang ulo. Sinagot na niya ang cellphone para matapos na ang kulitang iyon. Habang nakikipag-usap si Sharynn ay ipinagpatuloy ng kaibigan ang pag-vacuum sa carpet. Hindi lang buhangin ang nilinis nito kundi pati buong kuwarto na.

“Thank you.” Abot hanggang tainga ang ngiti nito nang ibalik niya ang cellphone dito.

“Vivian, sa susunod huwag ka nang pipili ng

boyfriend na ganoon kakulit."

"Oo naman. Natututo rin naman ako sa mga pagkakamali ko. Thank you talaga."

"Nakapagluto na ba ng almusal sina Melody at Sophia?"

"Siguro. Nasa kusina sila nang maabutan ko kanina."

"Uy, samahan mo nga pala ako sa Friday, ha. Mamimili ako ng mga dadalhin ko." Ang Friday ay katumbas ng Sunday sa Pilipinas. Ito ang rest day nila.

"Oo nga pala, malapit ka nang umuwi. Girl, mami-miss kita. Hindi ka na ba talaga papipigil? Puwede ka namang magbakasyon na lang at i-renew ang kontrata mo dito."

"Hindi na. Gusto ko nang bumalik ng Pilipinas. Kahit sabihin pang marami akong masasakit na alaala doon, love ko pa rin ang bansa natin."

"Di ba, sabi mo wala ka nang pamilya, eh, sino pa ang uuwian mo doon?" Hindi siya sumagot. "Sorry ha, alam ko na ayaw mong napag-uusapan ang personal mong buhay, pero tatlong taon mahigit na tayong magkakilala at itinuturing na kitang

kaibigan. Kahit kailan hindi ka pa nagkuwento ng tungkol sa sarili mo. Masyado kang malihim, pero kahit ganoon, nagustuhan ka namin kasi mabuti kang tao at marunong kang makisama. Lagi mo kaming tinutulungan kapag may isa sa amin na may problema. Maniwala ka man o sa hindi, we care for you and we love you. Kung totoo ang sinasabi mo na wala ka nang pamilya, eh di, kami na lang ang pamilya mo," mahabang litanya nito.

Napangiti si Sharynn. "Thank you sa concern mo. Ako din, I care about you… at sa kanila. Tama ka, nag-iisa na nga lang ako sa mundo, pero may balak rin naman akong magkapamilya."

"What do you mean, mag-aasawa ka na? Haler! Ikaw pa! Saksakan ka ng sungit sa mga lalaki. Lahat ng lalaking nanligaw sa iyo, binasted mo. Alam mo ba, nanghihinayang talaga kami sa iyo kasi binuburo mo lang ang ganda mo. Kung ako lang ang may ganyang beauty kagaya sa 'yo, hay naku, matagal na akong nag-artista."

"Wala naman akong balak na mag-asawa. Mag-aanak lang ako at iyon ang magiging pamilya ko."

"What!" Tumango siya. "Sigurado ka?"

"Hindi na big deal sa Pilipinas kung magkaanak

ka nang walang asawa. Isa pa, I think na sapat na ang naipon ko para magsimula ng bagong buhay. Magnenegosyo ako at palalakihin ko ang magiging baby ko."

"Nasasabi mo lang 'yan kasi hindi mo pa nararanasan. Girl, napakahirap magpalaki ng anak nang walang asawa. Isa pa, sarili mo lang ang iniisip mo. Paano ang magiging baby mo? Karapatan niya na magkaroon ng ama. Karapatan niya na magkaroon ng isang buo at maayos na pamilya."

Hindi siya sumagot sa halip ay sinalubong lamang ang tingin nito.

"God, Sharynn, seryoso ka talaga, 'no? Ano ba talaga ang nangyari sa 'yo? May nanakit ba sa iyo noon kaya naging ganyan ang pananaw mo sa buhay?" Nanatili siyang tahimik. "Okay, sige na. Suko na ako. Alam kong hindi kita mapapagsasalita. Basta ang masasabi ko lang, napakasuwerte ng lalaking mapipili mo na maging ama ng anak mo."

Napangiti siya. "Thank you for understanding."

"Hay naku, hindi ko naintindihan dahil kahit kelan hindi mo ipinaintindi," mataray na sabi nito.

Napangiti uli siya. "Oo na, sige na. Basta thank you sa lahat-lahat."

"Sabagay twenty-five ka na. Bahala ka na nga kung ano ang gusto mong gawin sa buhay mo."

NAPABALIKWAS ng bangon si Ephraim. Nanaginip na naman siya. Napaungol siya sa sobrang sakit ng ulo. Napahawak siya sa noo. May benda iyon. Inilibot niya ang paningin; puro puti ang nakikita niya. Nasa ospital siya.

A woman wearing an *abayat* and *shayla* with a white coat entered the room.

Tinanggal niya ang mga tubong nakakabit sa katawan. Naalala na niya ngayon. He just finished his mission and this woman was an Arabic Doctor.

*"As-salamu alaykum,"* bati nito.

*"Alaykum as-salaam,"* tugon niya.

"How are you feeling now, Mr. Stevens?" Medyo may kaunting nginig ang boses nito.

Hindi siya sumagot. Tumingin lang siya pailalim. He knew he was scaring her. With his strong facial features and big physique, he looked more like a dangerous bandit than a helpless patient.

"I want to get out of here now," aniya sa malaki

at malamig na tinig.

"Well, as I see now, you are fit to leave. Your wound and bruises are recovering quickly. You just need a lot of rest and take your medicines on time. By the way, you have two visitors outside." Iyon lang at nagmamadali na itong umalis.

Isang Arabong naka-*kandura* ang pumasok pagkalabas ng babae. Binati siya nito sa wika nito na tinugon niya rin.

He handed him a laptop and a black bag.

Binuksan niya ang computer. Naka-program na iyon. Tiningnan niya ang laman ng black bag; naroon ang kanyang bagong passport na may bagong pangalan, isang bundle ng dolyar, car keys at isang baril. Tumango siya na tinugon din nito ng ganoon.

Paalis na ito nang bigla itong huminto at humarap sa kanya. "I know I am not allowed to speak because it's part of the deal. But I want you to know that in behalf of my country, I want to say thank you." Yumukod ito bago tuluyang umalis.

Pagkalabas nito, isa muling lalaki ang bumungad sa pinto. A man whom he knew so well.

"What are you doing here, Thomas?" bungad ni

Ephraim.

Hindi ito sumagot; lumapit lang at tinitigan siyang mabuti. Compassion was very visible in his eyes. He sat on the vacant chair near the bed.

"Go to *Sheik Faisal Villa*. I have my private jet there. You will go back to the Philippines now."

Hindi nito pansin ang sinabi niya. "Kamusta ka na, Kuya?" Hindi siya sumagot. "It's been so long… God! Napakalaki na ng ipinagbago mo. Kung hindi dahil sa mga mata mo, hindi kita makikilala."

"Ano'ng ginagawa mo rito?" galit niyang tanong.

"Ano'ng ginagawa mo sa sarili mo, Kuya? You're becoming suicidal–"

"Damn it, Thomas! Answer my question. Why are you here?"

Napailing ito. "I'm so lucky I found you alive."

"Go home, Thomas." His tone turned dangerous.

"The old man is dying—"

"You're wasting your time. Go home, Thomas."

Napabuntong-hininga ito. "Hindi mo na ba talaga siya mapapatawad?"

"Napakalaki ng kasalanan niya. Kung mapapatawad siya ng asawa ko, I will forgive him. Pero huli na ang lahat… wala na siya. Patay na siya!"

"Kuya…"

"Go home, Thomas. It's very dangerous here. Sa kalagayan ko ngayon, hindi ko masisigurong mapoprotektahan kita."

"I work in *NBI* now. Intelligence Division. Thanks to you at sa mga padala mo, nakapagtapos kami ni Madeleine. Nasuportahan ng pera mo ang hacienda at nabawi namin ang lahat ng mga ari-arian natin na nailit ng bangko." Hindi siya umimik. "At first, hindi ako makapaniwala na ikaw ang tinatawag nilang '*The Shadow*'. One of the best spies in the world. You sell information and get information for a price. Even our agency hired you but nobody knows who you really are." Napangiti ito. "They don't even know that you're a Filipino. Kung hindi ko aksidenteng nabasa ang profile mo at pinag-aralan, hindi ko maiisip na ikaw 'yon."

"Alam kong nagtatrabaho ka sa *NBI* kaya hindi na ako nagtataka na natunton mo ako. But please do me a favor, this is not the right place nor the right time para mag-usap tayo. I want you out of this country now."

Napahinga ito nang malalim. "I understand."

May iniabot itong envelope sa kanya. Napatingin siya rito ngunit ngumiti lang ito.

"I am here to bring back your life, Kuya. Stop killing yourself. When you're ready to live again, call me."

KADARATING lang ni Thomas sa *Bahrain International Airport* nang tumunog ang cellphone niya. Napangiti siya. Kahit hindi niya tingnan kung sino ang tumatawag ay alam na niya kung sino iyon. Inaasahan na niyang tatawagan siya nito sa oras na mabasa ang laman ng envelope na iniwan niya rito.

"Is it true? She's alive?" bungad ng pamilyar na boses sa kabilang linya.

"Yes."

"How come?"

"Kasama siya sa mga survivors ng sumabog na barko. Iniba niya ang pangalan niya kaya hindi mo siya na-trace."

"N-nag… nagdadalang-tao siya?"

"Oo, pero patay na ang bata nang maipanganak

niya." Natahimik ito. "I'm sorry, Kuya."

"Nasaan siya?"

"Nasa UAE. Nag-abroad siya pagkamatay ng baby ninyo."

"Ano'ng pangalan ang ginagamit niya?"

"Sharynn Santos."

Naputol na ang linya.

Malungkot na pinatay ni Thomas ang cellphone. His brother and his sister-in-law had been through so much. Saksi siya sa lahat ng mga pagsubok na pinagdaanan ng mga ito. He was hoping and praying na maging maayos na ang lahat.

Panahon na para lumigaya na sila.

# 2

Hindi magkandaugaga si Sharynn sa pagdala ng mga pinamili nila ni Vivian. Nasa *Sharjah City Center* sila at namimili ng mga dadalhin para sa pag-uwi niya sa Pilipinas.

"Mauna na 'ko sa kotse. Ilalagay ko itong pinamili natin," paalam niya sa kaibigan.

"Samahan na kita, madami 'yan. Mukha ka nang Christmas tree."

"No, kaya ko na 'to. Anyway, malapit lang naman ang carpark."

"Sure ka?"

"Oo naman at saka bibili ka pa ng pabango, di ba? Sa third floor pa 'yon."

"O sige, s'unod ka na lang sa *Paris Gallery*."

"Baka hindi na, ang sakit na ng paa ko. 'Antayin na lang kita sa sasakyan." Naka-high heels siya palibhasa ay maliit sa taas na limang talampakan at isang pulgada.

"Okay, pero baka matagalan ako. Alam mo

namang matagal akong pumili."

Napangiti si Sharynn. "Alam ko. Don't worry, tatambay na lang ako sa coffee shop."

"Okay, sige." Iniabot nito ang susi.

"Ingat ka sa mga manyakis, ah," paalala nito.

"Hay naku, sa dami ba naman ng bitbit ko, ihahambalos ko talaga ito sa kanila."

"'Yung pinamili mo lang, huwag mong isama 'yong akin," biro nito. "Okay, sige na. I'll call you."

"Sure."

ANG SAYA ng pakiramdam ni Sharynn. In fact excited na siya sa nalalapit na pag-uwi. Sa tatlong taon na pagtatrabaho niya sa UAE ay na-miss niya ang Pilipinas. Kahit na wala siyang uuwian doon ay iyon pa rin ang tahanan at bansang sinilangan niya. May mga plano siya at umaasa siya na matutupad lahat iyon. Nakangiti siyang naglakad papunta sa kotse. Mabuti na lang at pinahiram sila ng amo ng sasakyan. Hindi na sila mahihirapang maghintay ng taxi. Mabuti na lang din at marunong mag-drive si Vivian.

Naisalansan na niya nang maayos ang mga pinamili sa likurang upuan nang may isang bagong black *Mercedes Benz* na dumating at nag-park sa tabi ng kotse. Napa-"Wow!" siya sa gara ng sasakyan. May lumabas na isang matangkad at matikas na lalaki mula roon.

Confident na tinitigan niya ito mula ulo hanggang paa. Tinted ang salamin ng kinalululanan niyang kotse kaya siguradong hindi siya makikita nito.

Hindi siya sigurado kung Asian o European ang lahi ng lalaki. May hitsura ito at in fairness, ang lakas ng dating pero may kung ano sa lalaki na parang nakakatakot. Hindi niya maipaliwanag but he looked mysterious and undeniably dangerous.

Kinilabutan si Sharynn. Ano ba ang naiisip niya? This man might embody the definition of a tall, dark and handsome man, pero hindi niya ito type.

Pumasok ang lalaki sa loob ng mall. Napasunod ang tingin niya rito. Kinabahan siya. There was something familiar in the way he walked.

Nanatili siya sa loob ng kotse. Lumipas ang ilang minuto at nakaramdam siya ng pagkabagot. Napagdesisyunan niyang sa coffee shop na lang

hintayin si Vivian. Nag-freshen up siya. Tinanggal niya sa pagkakatali ang mahaba at kulot na buhok. Madalas siyang tinatawag na 'Marimar' dahil sa bagong hairstyle niyang iyon. Natural na mahaba at tuwid ang kanyang buhok, she tried something new kaya nagpakulot siya at bumagay naman iyon sa kanya.

Napatingin siya sa salamin. Napakalaki na ng ipinagbago niya mula noong makarating sa bansang iyon at magtrabaho sa salon. Aaminin niya, mas lalo siyang gumanda at naging moderna. Hindi sa pagmamayabang, pero napakarami niyang manliligaw na iba-iba ang lahi. Ewan niya ngunit wala talaga siyang magustuhan ni isa man sa mga iyon.

Tinanggal niya ang suot na blazer. Humahakab sa buong katawan niya ang suot na bestida. She put on a light lipstick at nagpabango. Isinara niya ang kotse at sinigurong naka-lock iyon.

Sa pagpasok pa lang ng mall ay pinagtitinginan na siya ng ibang mga nakakasalubong. Paghanga ang nasasalamin niya sa mata ng mga ito. Inilibot niya ang paningin. Parang may hinahanap ang kanyang mga mata na hindi niya mawari. Naalala niya ang lalaki sa carpark. Ewan niya, pero gusto niya itong

makita. Siguro talagang naiintriga siya rito.

Nakatayo lang siya sa isang tabi nang may isang dambuhalang Arabiana na bumangga sa kanya. Napatili siya. Sa lakas ng impact ay tumilapon siya. Malapit nang mabagok ang ulo niya sa sahig nang may malalakas na bisig ang sumalo sa kanya. Inalalayan siya nito patayo.

Lilingunin na niya sana ang taong tumulong sa kanya nang marinig niyang magtatatalak ang dambuhalang babae.

Narinig niyang nilait at minura siya nito sa salitang Arabic. Dahil nakakaintindi rin ng lengguwahe nila ay nag-init din ang ulo niya. Nanggalaiti siya. Ang kapal ng mukha ng babaeng ito. Ito na ang nangbangga, ito pa ang may ganang magalit at magmura.

Tinapatan niya ang galit nito. Ang pinakaayaw niya sa lahat ay iyong inaapi siya. Galit na galit na minura at inaway rin niya ito sa salitang Arabic. Mas malakas pa yata ang boses niya kaysa rito. Nagulat ang babae. Hindi nito akalain na lalaban siya.

Napahiya ang babae kaya idinaan sa galit ang lahat. Akmang dadahulugin siya nito nang bigla siyang umangat sa sahig. Imbis na ang inaasahan na

pagsapok sa kanya ng babae ang maramdaman ay malalakas na bisig ang bumuhat sa kanya at mabilis siyang inilayo sa lugar na iyon.

Napadilat si Sharynn. Nanlaki ang mga mata niya. Pangko siya ng lalaking nakita niya sa carpark! Mabilis ang kilos nito at parang hindi nito iniinda ang bigat niya.

"Put me down!" Nagpapapasag siya na parang isda na nahuli sa isang lambat.

"Be still."

Parang natulala siya dahil sa matigas na tinig nito. Pumasok ito sa isang restaurant at ibinaba siya sa isa sa mga upuan doon.

"Stay here. I'll take care of everything." Hinawakan siya nito sa magkabilang balikat.

Na-shock si Sharynn. Kaboses na kaboses ito ng asawa niya! Bumuka ang bibig niya, pero walang lumabas na salita roon.

"Relax." Hinawi nito ang ilang hibla ng buhok na tumakip sa mukha niya at saka bumulong. "Don't give me that look. Your lips are so tempting, I might kiss you right here, right now." Hinawakan nito ang ang baba niya at bahagyang itinaas.

Isinara niya ang bibig na noon lang niya na-realize na nakabukas pala.

Kinausap nito ang tila manager ng restaurant na iyon at saka lumabas.

Natulala siya. May lumapit na waiter at binigyan siya ng isang basong tubig. Mabilis niya iyong ininom. Na-relax siya nang kaunti. Nagtanong siya kung saan naroon ang comfort room.

Sa CR ay pilit niyang pinapakalma ang sarili. Huminga siya nang malalim at naghilamos. Alam niya, hindi ang eksena sa dambuhalang Arabiana ang nagpapakaba sa kanya nang ganito kundi ang lalaking tumulong sa kanya.

"Sh*t, Sharynn! Maraming nagkakapareho ng boses sa mundong ito. Nagkataon lang na magkapareho sila ng boses," pagalit niya sa sarili. Para siyang baliw na nagsasalita sa harap ng salamin. Mabuti na lang at nag-iisa siya roon.

Mabilis niyang inayos ang sarili. Nagulat siya nang mabungaran ang lalaki paglabas niya ng banyo.

"I thought I would need to break down this door just to make sure you're all right."

"What are you doing here?" pasuplada niyang

tugon.

"My, my… what a temper. I think you should thank me."

"Excuse me! I did not ask for your help and besides, I don't know you." Tinalikuran niya ito, pero agad siya nitong napigilan. Hinawakan nito ang braso niya.

"Don't touch me," piksi ni Sharynn.

"Relax, mag-uusap lang tayo."

"F-Filipino ka," nabiglang aniya.

Ngumiti ito at iginiya siya sa isa sa mga private rooms doon. Cubicle iyon kung saan may privacy ang mga customers habang kumakain.

"Teka, ano'ng gagawin natin dito?" May pagkain nang naka-serve sa table. Seafood Platter. Paborito niya!

"Can't you see, kakain."

"Ayokong kumain. Aalis na 'ko." Tumalikod si Sharynn, pero nahawakan nito agad ang kamay niya. Parang may nag-spark na kuryente sa pagkakadaiti ng mga palad nila. Napapitlag siya. Hinalbot niya ang kamay.

“Please, samahan mo muna ’ko. I don’t want to eat alone.”

“Bakit kita sasamahan, hindi naman kita kilala. Kahit sabihin mong magkababayan pa tayo, estranghero ka pa rin.”

“Sabihin na nating ito na ang bayad mo sa pagtulong ko sa ’yo.” Mababa pa rin ang tono nito kahit sinusupladahan niya.

“Excuse me. Hindi ko sinabing tulungan mo ’ko at hindi ko kailangan ng tulong. Ang babaeng hippo na ’yun ang maluwag ang turnilyo sa utak,” tukoy niya sa Arabiana na bumangga sa kanya.

“You could have broken your neck if I didn’t catch you on time.”

Natahimik si Sharynn. Ito pala ang lalaking sumalo sa kanya. Kung hindi dahil dito, malamang basag na ang bungo niya. Napahiya siya.

“I’m really starving, let’s eat.” Hinila nito ang upuan at pinaupo siya. Pumuwesto ito sa katapat na upuan at nagsimula nang kumain.

Napatulalang napatitig siya rito. Napakagana nitong kumain. Parang isang taon itong hindi nakakain. Napatingin siya sa mga nakahain. Sh*t!

Parang nagugutom na rin siya. Napalunok siya.

"Kumain ka na. Mas masarap itong kainin habang mainit." Napatingin siya muli rito. "Please I insist, kumain ka na rin." Tumusok ito ng calamares at isinubo sa kanya.

Hindi na niya kinaya. Isinubo niya iyon. Hindi niya pansin na kusang kumilos ang mga kamay niya. Next thing she knew, kumakain na pala siya.

Wala silang imikan habang kumakain. They both concentrated on their meals. She ate with great gusto. Nakakamay rin siya gaya nito. Iba't ibang klaseng lamang-dagat ang nasa harapan niya at lahat ay paborito niya.

Hindi pansin ni Sharynn ang matiim na tingin sa kanya ng lalaki. Nakangiti ito nang palihim at para bang tuwang-tuwa habang pinagmamasdan siya.

PARANG DINAANAN ni *Tazmania* ang mesa nila. Ubos lahat ang pagkain at walang natira. Kanina parang panlimahang tao ang dami ng pagkain na nakahanda. Hindi makapaniwala si Sharynn na naubos nilang dalawa iyon.

Nag-init ang pisngi niya dahil sa hiya. Kababae

niyang tao, ang lakas-lakas niyang kumain. To think na estranghero ang kasalo niya.

Napatingin siya sa lalaki. Nakatitig ito sa kanya at parang nakangisi. Napangiti na lang din siya para matakpan ang kahihiyan.

"Naku, pasensya na. Ang dami kong nakain. Kasalanan mo, paborito ko kasi ang in-order mo. Di bale, ako na ang magbabayad ng bill," nakangiting sabi ni Sharynn. Nag-iinit pa rin ang pisngi niya.

Ngumiti lang ito. "Coffee?"

"H-ha?"

"I said would you like coffee para bumaba ang kinain natin?" Titig na titig ito sa mukha niya.

Napatango na lang siya. May sa manghuhula ba ang lalaking ito? Paano nito nalaman na gustung-gusto niyang nagkakape pagkatapos kumain?

Tinawag nito ang waiter para ipag-serve sila ng kape.

Nako-conscious na siya sa labis na pagtitig ng kaharap.

"Excuse me. May dumi ba ako sa mukha?" hindi nakatiis na untag niya.

Ngumiti ito. “Wala.”

Sinubukan niyang idaan sa biro ang kaba. “Grabe ka naman kasing tumitig. Baka matunaw ako niyan.”

“Napakaganda mo,” derechong saad nito.

Hindi niya alam ang sasabihin. Kung tutuusin napakarami nang nagsabi sa kanya ng ganoon, pero kakaiba ang lalaking ito. Hindi niya ito magawang barahin kagaya ng iba.

“Ako na ang magbabayad sa kinain natin.” Iniba niya ang usapan.

Hindi ito sumagot.

“Ahm… by the way I’m Sharynn Santos, ikaw?”

“Ephraim Valdez.”

“Taga-saan ka?”

“San Isidro.”

Bigla siyang kinabahan. “Ah… s-saan ’yon?”

“Aklan.”

*Imposible! Doon ako ipinanganak at lumaki, pero hindi kita kilala!* sigaw ng utak niya. Maliit lang na baryo iyon kaya halos magkakakilala ang lahat, pero

hindi niya ito kilala. Kinabahan siya. Kilala ba siya ng lalaking ito? Ipinapahanap ba siya ng asawa? Alam na ba nitong buhay siya? Imposible. Nailathala sa mga diyaryo na kasama siya sa mga namatay.

Noon dumating ang kape nila.

Medyo nagpa-panic na si Sharynn. Hindi niya alam kung ano ang sasabihin. Napagdiskitahan niya ang kape. Hindi niya pansin na para sa dalawa na ang tinitimpla niya. Awtomatiko ang galaw ng mga kamay niya. Black para rito at with creamer sa kanya.

"Ikaw, taga-saan ka sa atin?"

Muntik na siyang mapatalon sa kinauupuan. Mabuti na lang at napigil niya. "Ah… ako naman, taga-Quezon City, sa Novaliches."

"Para sa akin ba 'yan?" Inginuso nito ang kapeng tinimpla niya.

"Ha?" Napatingin siya sa dalawang kape na nasa mesa. Oh, my God! Bakit para sa dalawa ang natimpla niya? Ugali niya ito noon kapag kumakain sila ng asawa.

"Naku, I'm so sorry. Ipakukuha na lang ulit kita ng bago." God! Napa-paranoid na naman siya. Kailangan na niyang umalis.

"No, it's okay. Gusto ko 'yan." Mabilis nitong kinuha ang black coffee at ininom.

"Pasensya na talaga. Wala lang talaga ako sa sarili ko. Malapit na kasi akong umuwi ng 'Pinas."

"Talaga? Kailan?"

"In three months' time."

Tumangu-tango ito. "The coffee is superb. Ito ang timpla na matagal ko nang hinahanap."

Hindi siya sumagot. Hindi na siya mapakali, she wanted to get away and run.

"Ahm, salamat nga pala sa pagtulong mo kanina. Pasensya na kung napagsupladahan kita. Hindi kasi ako sanay na bigla na lang may bubuhat sa akin na hindi ko kilala. Salamat talaga. Anyway, ako na ang magbabayad sa kinain natin. Kailangan ko nang umalis."

"You will terribly insult me kung babayaran mo ang kinain natin." Hinawakan ni Ephraim ang kamay niya na may hawak na wallet.

Surprisingly, his touch was very warm. Tila biglang napanatag ang kalooban niya. Kumakalma siya.

"Nakakahiya naman, ang dami kong nakain. Tingnan mo nga ang laki-laki na ng tiyan ko."

Parang mali ang nasabi niya. Bumaba ang tingin nito sa bahaging binanggit, pero umakyat iyon at nagtagal sa kanyang dibdib. Nag-init ang mga pisngi niya.

"The pleasure is mine," anito. He brushed his fingers against her hand and kissed it.

Muli ay ang pagdaloy ng kuryente na kagaya ng naramdaman niya kanina. Napapitlag siya. Hinalbot niya ang kamay. Nahulog ang wallet niya sa sahig. Hinayaan niyang ito ang pumulot niyon.

"Sige, if you insist, ikaw na ang magbayad sa kinain natin. Kailangan ko nang umalis. Salamat uli." Kinuha ni Sharynn ang bag at saka nagmamadaling umalis.

HINIHINGAL na pumasok ng kotse si Sharynn. Ang lakas ng tahip ng kanyang dibdib. Ano itong mga emosyon na binubuhay sa kanya ni Ephraim?

Napahawak siya sa noo. Napapikit siya. Napa-paranoid na nga siyang talaga. Unti-unting nangilid ang luha niya. Mayamaya pa ay umiiyak na siya.

Parang ilog na walang tigil sa pag-agos ang kanyang luha.

Naiinis siya. Nagagalit siya. Bakit nangyayari sa kanya ang ganito? Hindi siya masamang tao, pero bakit pinaparusahan siya nang ganito ng Diyos? Gusto na niyang magbagong-buhay. Gusto na niyang matahimik. Gusto na niyang lumigaya. Tumunog ang cellphone niya. Si Vivian iyon.

"Hello…"

"Hello, Sharynn, nasaan ka na? Hindi kita makita dito sa coffee shop sa ibaba."

"Nandito ako sa sasakyan."

"Umiiyak ka ba? Bakit garalgal ang boses mo?"

"Hindi, akala mo lang 'yon. P'unta ka na lang dito.  Masakit ang ulo ko, gusto ko nang umuwi."

"O, sige…"

Pinatay niya ang telepono. Namataan niya si Ephraim na papalapit sa sasakyan nito. Napayuko siya sa upuan. Kahit alam niya na hindi siya makikita nito ay nagtago pa rin siya.

Nang makaalis ang kotse nito ay saka lang siya napanatag. Napaupo siya nang maayos. She

should fulfill her plans soon. Kailangan na niyang magkaanak. Siguradong mabubuhos lahat ng atensyon niya roon at makakalimutan na niya ang lahat ng nangyari sa araw na ito.

# 3

"Sharynn!" sigaw ni Sophia.

Muntik na niyang mabitawan ang nilulutong *halawa*. Ito ang ginagamit nila sa pagwa-wax. Gawa ito sa asukal at lemon.

"Ano ka ba, muntik ko nang mabitiwan itong hawak ko."

"Girl, tatlong beses na kaya kitang tinawag. Ano ba'ng nangyayari sa 'yo? Bakit lagi kang tulala?"

Lumabas si Melody mula sa Massage Room. "Nagdi-daydream kasi 'yan dahil sa boylet na nakilala niya kahapon," tukso nito at saka bumalik sa ginagawa. Kanugnog lang ng Massage Room ang kusina kaya naririnig nito ang pinag-uusapan nila.

Pinagsisisihan niya ngayon kung bakit naikuwento pa niya rito ang pagkakakilala nila ni Ephraim nang nakaraang araw.

"Talaga? Kuwento ka naman. Pogi ba?" ani Sophia. Hindi siya sumagot. "Ayan ka na naman eh, hindi ka na naman magsasalita, KJ ka talaga."

"Eh, sa wala naman dapat ikuwento. Tinulungan

lang niya ako kahapon pagkatapos inaya niya akong kumain. Bakit ka ba nandito, di ba, may tambleez ka?" Iyon ang Arabic word na katumbas ng hair straightening.

"Talaga, nag-date na kayo? Bilib talaga ako sa beauty mo. Kainggit ka, girl."

"Hindi kami nag-date. Nagutom lang talaga 'yung tao, nandoon ako kaya napasama ako."

"Kinuha ang number mo?"

"Hindi."

"Ows?"

"Bahala ka kung ayaw mong maniwala," aniya.

"Himala! Halos lahat ng lalaking nakikilala mo kinukuha ang number mo."

"Eh, sa hindi."

"Ano 'yun? Bulag?" Nakataas ang isang kilay ng kanyang kaibigan.

"Siguro nga bulag kaya huwag na nating pag-usapan. Bakit mo ba 'ko tinatawag kanina?"

"May service ka mamayang gabi kay Madamme Fauziya."

"Saan?"

"Sa *Radisson Hotel*. A-attend yata ng wedding, tawagan mo na lang para mag-confirm."

"Okay, sige. Balikan mo na 'yung customer mo, baka nakalbo na 'yon."

Tiningnan nito ang orasan. "Magte-ten minutes pa lang."

IPINASOK ni Sharynn ang mga gamit sa loob ng maleta. Nai-check na niya na kompleto ang mga dala niyang hair dryer, curling iron, hairspray, pins, brush at marami pang iba.

Katatapos lang niyang mag-service kay Madamme Fauziya. Nagpa-hairstyle ito at makeup dahil a-attend ng isang kasalan. Nasa *Radisson Hotel* siya.

Ang saya-saya ng pakiramdam niya habang palakad sa hallway. Binigyan siya ng malaking tip ng babae bukod pa sa doble ang singil niya sa service. Ganoon kasi ang patakaran kapag home service. Binigyan pa siya ng kuwintas nang malaman nito na malapit na siyang umuwi sa Pilipinas.

Kanina pa siya palakad-lakad habang hila ang

maleta. Nawawala na yata siya. Napakalaki kasi ng hotel na iyon. Hindi niya maalala kung nasaan banda ang elevator na sinakyan niya kanina. Nasa seventh floor pa naman siya.

Nahiling niya na sana ay may mapadaang tao upang may mapagtanungan niya.

Tumunog ang cellphone niya. Si Vivian iyon.

"Girl, huwag ka nang tumuloy dito sa salon. Dumerecho ka na sa bahay."

"Bakit, nagsara na ba kayo?"

"Oo."

"Eh, paano itong mga gamit?" tukoy niya sa mga gamit sa salon na nasa maletang dala niya.

"Dalhin mo na lang din, ipinaalam ko na kay Amo. Kumain ka na ba?"

"Oo."

"Ganoon ba? Nag-aaya kasi si Presidente sa bahay niya. Birthday niya ngayon." Si Alma na presidente ng *Filipino Dance Club Sharjah* ang tinutukoy nito. Nagba-ballroom dancing sila kapag Friday bilang paglilibang.

"Pakisabi na lang 'Happy Birthday,' baka hindi

na ako makapunta.” *Dito nga, hindi na ako makaalis, pupunta pa ako diyan*, gusto niyang idugtong.

“O sige, pero kung may time ka pa, habol ka sa Dubai, sa *Orchid Hotel*. Pagkatapos ng kainan, disco naman ang treat niya.”

“Titingnan ko, pero di ako sure. Parang gusto kong magpahinga nang maaga.”

“Sige, bahala ka. ’Bye.”

“’Bye.”

In-off niya ang cellphone. Napatingin siya sa paligid. Wala pa ring katau-tao roon, siya lang. Ano kaya kung mangatok na lang siya sa isa mga pinto roon? Pero nakakahiya iyon. Naisip niyang bumalik na lang sa silid ng kanina ay kliyente niya.

Pabalik na siya nang may marinig siyang yabag na papalapit mula sa kanyang likuran. Inihanda niya ang matamis na ngiti. Sa wakas, makakapagtanong na rin siya. Lumingon siya.

Unti-unting napalis ang ngiti niya nang makita kung sino ang taong papalapit. Nagsimulang magrigodon ang kanyang puso.

“Hi,” anito.

“H-hi.”

“Remember me sa mall kahapon?” Mas naging guwapo ito sa suot na white polo shirt at khaki pants.

God! Why did this man always have to remind her of him? Mahilig din ang asawa niya sa puting damit at nakaputi ang lalaking ito nang nakaraang araw.

“Sharynn, okay ka lang?”

“Ha? Ah oo, salamat nga pala uli kahapon.”

“Mukhang excited ka na talagang umuwi. Lagi kang wala sa sarili mo.”

Napangiti uli siya. “Pasensya na, may naaalala lang ako sa tuwing nakikita kita.”

He grinned. “Hmm… someone special?”

“Hindi. Isang taong hindi karapat-dapat alalahanin.” Puno ng pait ang tinig niya.

“Ouch! Mukhang sinaktan ka ng taong ’yun. Bakit, kamukha ko ba siya?”

Umiling si Sharynn. “Hindi. Ang layo ng hitsura mo sa kanya. At kung sakali na naging kamukha mo siya, ang malas mo.”

"Bakit?"

"Baka mapatay kita." Natahimik ang lalaki. Napahagalpak siya ng tawa. "Ano ka ba, biro lang." Nang hindi pa rin ito umimik, marahang siniko niya ito. "'Eto naman, hindi na mabiro."

"Akala ko kasi totoo na."

"Hindi, 'no."

"Sabagay, paano magagawa ng sinuman na saktan ang isang napakagandang babae na katulad mo?"

"Wow, ang galing mo talagang mambola. Anyway, bago pa tayo maglokohan, ituro mo muna sa akin kung saan banda 'yung elevator."

"Bakit nawawala ka ba?" nakangiting tanong ni Ephraim.

Napangiti rin siya. Nagkamali siya ng unang husga rito. Akala niya ay seryoso at suplado ang lalaking ito. Hindi pala.

"Nakakahiya mang aminin, pero oo, nawawala nga ako."

"Come with me."

"Hindi na. Just tell me where it is and I will find

it myself."

"It's too far from here. Nasa kabila pa iyon at marami pang pasikut-sikot. Lalo ka lang maliligaw." May bahagyang hint ng pagbibiro ang boses nito. "There's a private lift near here."

Sumunod siya rito.

"ANO BA ang ginagawa mo dito?" tanong ni Ephraim. Bitbit nito ang maleta na dala niya.

"Nag-service ako sa isang customer ko. Nagtatrabaho ako sa salon."

"Talaga? So you… do massages?"

"Oo."

"Puwede ba akong magpa-service sa iyo?"

"Babae lang ang sine-service-an namin. Bawal ang lalaki. Rule 'yun dito at saka ayoko ngang makulong, 'no."

"Puwede namang secret, di ba? Ginagawa ng iba 'yon."

"Oo, pero ibahin mo ako. Malinis akong magtrabaho. Hindi ako nagsa-sideline sa mga

ganoong gawain."

Huminto sila sa isang pinto. Sa loob niyon ay may isa pang pinto. Ang private lift. Mas maliit iyon kaysa sa elevator na nasakyan niya kanina. Naglabas ito ng card. He swiped it over the control. The door opened.

"Sharynn," anito nang nasa loob na sila. Napatingin siya rito. "I'm staying at the top floor. Please don't get me wrong. Can I invite you for a cup of coffee?"

Lumang linya. Bulok na style. Gasgas na dialogue. Pero bakit wala siyang nararamdaman na bahid ng kasamaan at pananamantala dito? Malungkot siyang ngumiti. "Ephraim, siguro hindi muna ngayon. Gusto ko nang umuwi."

Napabuntong-hininga ito. "I understand." Pinindot nito ang button para sa ground floor.

Biglang umalog ang elevator. Napatili si Sharynn. Nagpatay-sindi ang ilaw hanggang sa tuluyang namatay. Nagsisisigaw siya. Takot siya sa dilim!

Napamura si Ephraim. Mabilis siyang niyakap nito at inalo. Hinihimas nito ang kanyang likod.

"Shh, it's okay. I'm here," anito.

Nanginginig siya. Nang magbukas ang emergency light sa loob ay saka siya kumalma. Sa malamlam na liwanag na nanggagaling doon ay unti-unting naaalis ang kanyang takot.

"Ano'ng nangyari?" tanong niya.

"I'm not sure."

Ngayon lang niya napansin na magkayakap na pala sila. Nag-iinit ang pisnging kumalas siya sa lalaki.

"I'm sorry," mahinang ani Sharynn.

Hindi ito umimik. May tinawagan ito sa cellphone. He was speaking in Arabic. Naintindihan niya na nagtatanong ito kung ano ang nangyari sa elevator.

"Are you okay?" baling nito sa kanya matapos ang pakikipag-usap sa telepono.

"I'm okay. Ano'ng nangyari, brown-out ba?"

"Yeah, at may konting problema sa makina. They're fixing it right now."

Mabuti na lang, wala sa bahay ang kanyang mga kaibigan. Hindi na niya kailangang magpaliwanag kung bakit inabot siya ng ganito katagal sa hotel na

ito. Panigurado, magdamagan na ang mga iyon sa Dubai at bukas na uuwi.

Unti-unti nang nagiging maalinsangan. Hindi gumagana ang air con dahil nga brown-out. Summer pa naman at mataas ang humidity. Ilang minuto pa silang manatili roon ay tiyak para na silang niluluto nang buhay. Napakainit!

Nagsimula siyang magpaypay. Para maibsan ang nararamdamang init ay naisipan niyang makipagkuwentuhan dito. Pareho na silang nakaupo sa carpeted na sahig noon. "Ephraim…"

"Hmm…"

"Why do you have an access to this private lift? Ikaw ba ang may-ari ng hotel na ito?" biro niya.

"Not really. I'm just a stock holder."

Natahimik si Sharynn. Napakayaman pala ng lalaking ito.

Nang makitang hinubad nito ang suot na polo ay iniiwas niya ang paningin. Hindi niya ito masisisi. Habang tumatagal ay mas lalo pang umiinit. Tagaktak na ang pawis nila.

"You better remove your shirt. Pawis na pawis ka na," anito.

"Okay lang ako."

"Kung matatagalan pa ang paghihintay natin, we might as well make ourselves comfortable." Tumalikod ito. "Hubarin mo na ang damit mo, baka magkasakit ka pa."

She was deeply touched. This man was very considerate. Siguro naisip nitong mahihiya siya na maghubad sa harap nito kaya ito na ang nagkusang tumalikod.

Hinubad niya ang kanyang t-shirt. Basang-basa na agad iyon ng pawis. Ipinusod niya ang mahaba at kulutang buhok. Medyo napreskuhan siya. Naalala niya na mayroong white towel sa maleta at hindi pa nagagamit. Kinuha niya iyon.

She was a bit refreshed. Napatingin siya kay Ephraim. Pawis na pawis na rin ito. She took the liberty na punasan ang likod nito. Napapitlag ito, pero hindi umimik. Hinayaan lang siya.

Habang nagpupunas ay napansin niya ang mga mahahabang pilat at marka ng sugat sa likod nito. Napakamisteryoso ng lalaking ito. Ano ang tunay na katauhan nito para magkaroon ng ganoong klaseng pilat? Gusto niyang magtanong, pero ayaw niyang ma-offend ito. Isa pa, wala siyang karapatan.

"O, punasan mo ang dibdib mo, sigurado pawis na pawis na rin iyan." Iniabot niya ang towel dito.

Unti-unti nang lumalabo ang emergency light. Malapit na iyong mamatay. Napamura uli si Ephraim. May tinawagan uli ito sa cellphone.

Nagtaka siya kung bakit hindi siya makaramdam ng takot sa lalaking ito. To think na estranghero at napakamisteryoso nito. May mga pilat ito sa katawan na tanda na involved ito sa mga bayolenteng bagay.

Nonetheless, she felt even safe with him.

Mga ilang minuto pa pagkatapos nitong makipag-usap ay sumindi na ang ilaw. Nagsimula nang gumana ang air con at umandar na rin ang makina ng elevator.

Nag-init ang pisngi ni Sharynn nang makita ang ayos nila. They were both half-naked habang nakasalampak sa sahig. Kahit sino ang makakita ay siguradong maeeskandalo. Tumayo ito at nagsimula nang magbihis. Nagbihis na rin siya.

"If you like, you rest first at my flat before you leave," anito nang tapos na silang magbihis.

"Hindi, huwag na. Salamat na lang."

"Please, I insist. Para tayong niluluto nang

buhay sa elevator na ito. Akyat ka muna para mas makapag-refresh ka.”

“Salamat talaga, pero gusto ko nang umuwi.”

“Are you sure?”

“Oo.”

“Sharynn…” Hinawakan nito ang kamay niya.

“Please, Ephraim. Huwag ka sanang gagawa ng bagay na ikakagalit ko sa ’yo.” Binawi niya ang kamay sa hawak nito.

“I’m sorry.” Pinindot nito ang button para sa ground floor. Wala silang imikan; walang nagsasalita hanggang sa marating nila ang pakay. Inihatid siya nito hanggang sa may lobby entrance.

“Maraming salamat.”

Hindi ito sumagot bagkus ay ngumiti lang. Kinausap nito ang valet at ipinakuha ang sasakyan.

“No, please. Huwag na.” Hindi ito sumagot. “Ephraim, magta-taxi na lang ako.”

“Please allow me na ihatid ka. Masyado nang gabi, delikado.”

Hindi na siya umimik. May nabalitaan na siyang

babaeng ni-rape ng taxi driver, dinala sa disyerto at doon na pinatay. Hindi niya gustong ilagay ang sarili sa ganoong kadelikadong sitwasyon.

Nang dumating ang sasakyan nito ay inalalayan siya ng lalaki papasok. Hindi na siya tumanggi. Sumunod na lang siya.

"SHARYNN…"

Medyo nagulat siya nang marinig ang tinig ng katabi. Mula kasi nang sumakay sila ay wala na itong imik, ngayon lang ito nagsalita.

"I'll be honest with you," seryosong sabi ni Ephraim.

Napapikit siya. Parang alam na niya ang susunod nitong sasabihin.

"Gusto kita." Hindi siya sumagot. "In fact, gustung-gusto kita. Please allow me to prove myself to you. Have dinner with me tomorrow, seven o'clock."

Warning bells were ringing inside her head. Umpisa pa lang ay nakukutuban na niyang may gusto ito sa kanya. She couldn't accept him. Parang na-trauma na siya sa failed marriage niya noon.

Ayaw na niyang umibig pa.

"Sharynn?"

Napatingin siya rito; hindi makasagot. Hindi niya alam kung ano ang sasabihin. Nagtatalo ang puso at isip niya.

"Sige bukas, seven o'clock." Hindi niya alam kung saan nanggaling iyon, pero nasabi na niya.

Nang makarating sila sa *Al Nuaimi Tower* ay inihatid siya nito hanggang sa may pintuan niya.

"Tomorrow, seven o'clock. Susunduin kita."

"Nasa trabaho ako bukas. Mag-e-early out ako. Magkita tayo sa *Corniche*."

Hanggang makaalis ito ay para pa rin siyang tulala. Ano ang nangyayari sa kanya? Bakit siya pumayag?

# 4

"Hoy! Marimar, male-late na tayo. Bumangon ka na diyan, mahal na prinsesa." Halos gibain ni Melody ang pintuan niya.

Naalimpungatan si Sharynn. Ang sakit ng ulo niya. Mag-iisang oras pa lang siyang nakakatulog. Humihikab na binuksan niya ang pinto.

"Sharynn, ano'ng nangyari sa 'yo? Ba't hindi ka pa nakabihis?" anito.

Bihis na ang tatlo na naghihintay sa sala.

"Hindi ako makakapasok ngayon. Magkakasakit yata ako."

"Mukha nga. Nanlalalim ang mata mo at parang nanlalata ka," puna ni Sophia.

"Ano na ang pakiramdam mo? Okay ka lang ba?" usisa naman ni Vivian.

"Oo, kailangan ko lang ng pahinga. Pakisabi na lang kay Amo na tatawagan ko siya mamaya."

"Okay, ingat ka dito ha. Inom ka ng gamot, baka tatrangkasuhin ka. Ganyan din ako dati. Teka, may

gamot pa ba diyan? Gusto mo ibili kita?" Nag-aalala na si Vivian.

"Huwag na, may gamot pa dito. Pahinga lang talaga ang kailangan ko. Salamat."

Nang makaalis ang tatlo ay nagi-guilty na napasalampak siya sa upuan. Nasabunutan niya ang sarili.

Naiinis siya. Wala naman talaga siyang sakit. Napuyat lang siya buong magdamag dahil sa kaiisip kay Ephraim. Hanggang ngayon ay wala pa rin siyang konkretong desisyon kung ano ang gagawin niya. Nagtimpla siya ng gatas. Kailangan niyang makatulog, baka sakaling paggising niya ay maging malinaw ang isip niya at makapag-isip siya nang mabuti.

ALAS SEIS 'Y MEDIA ng gabi. Handang-handa na si Sharynn sa dinner nila ni Ephraim. She took a last glance in the mirror. Kahit hindi siya mayabang, gusto niyang hangaan ang sarili. Bagay sa kanya ang suot na purple cocktail dress. Hindi lahat ng babae ay binabagayan ng ganoong kulay. She wore her hair down. Nilagyan lang niya ng simpleng clip sa gilid. Mas lalo siyang bumata sa tingin niya.

Isang babaeng puno ng tiwala at kasiguraduhan sa sarili ang lumabas mula sa building ng *Al Nuaimi Tower*. Sumakay ito ng taxi. Pupunta ito sa isang lugar kung saan haharapin nito ang malaking hamon sa kanya ng tadhana.

Kabababa lang ni Sharynn sa taxi. Namataan niya agad si Ephraim na nakatingin sa dagat. Nakaupo ito sa isa sa mga benches doon. Thirteen-minute drive lang ang layo ng *Corniche* sa bahay niya. Akala niya ay maaga na siya sa usapan nilang seven o'clock ngunit mas maaga pa pala ito.

"Ephraim…"

Napalingon ito sa kanya. At napatulala.

Lihim siyang napangiti. She could not believe that she had this much power over him. Well, gagamitin niya ang kapangyarihang iyon upang makamit ang gusto niya.

"God! You're so beautiful," anito.

Matamis siyang ngumiti. She looked at him provocatively. Pinagapang niya ang paningin mula sa paa nito hanggang sa mukha. As always, napakaguwapo nito sa suot na white long-sleeved polo na nakarolyo hanggang siko at black slacks. She let him see the passion that arose in her eyes.

"Satisfied?" Pinagsalikop nito ang dalawang braso habang matiim ang titig sa kanya. Ngumiti siya. Alam niyang epektibo ang ginagawa niyang panunukso.

"Where to?"

"Ikaw ang bahala." Kumapit siya sa braso at humilig sa balikat nito. Medyo napapitlag ito, pero hinayaan lang siya.

Sa Dubai sila nagpunta, sa isang floating restaurant na nasa ibabaw ng tubig. Napakaganda ng paligid at napaka-romantic, pero hindi na niya pansin iyon. Sinimulan na kasi siyang kabahan. Ni hindi nga niya nagawang tingnan kung ano ang pangalan ng restaurant. First time niya itong gagawin… pero desidido siya.

Asikasung-asikaso siya ni Ephraim. Para na nga silang mag-asawa kung titingnan. Ito na ang um-order para sa kanilang dalawa. Nagustuhan naman niya ang lahat ng iyon. Um-order din ito ng alak para sa sarili at juice para sa kanya.

"Gusto ko rin niyan." Itinuro niya ang alak na iniinom nito.

Tinitigan siya ng lalaki. "Bakit, umiinom ka ba?"

Ngumiti siya. "Hindi, pero gusto kong subukan." Kinuha niya ang kopita nito na may lamang alak. Tinikman niya iyon. Napapikit siya at napangiwi. "Paano ninyo nagagawang inumin ito, eh, napakapangit ng lasa."

Kinuha nito ang kopita sa kanya. "Mag-juice ka na lang."

"Teka, sandali." Binawi ni Sharynn ang kopita rito. "Kung kaya mong inumin ito, eh di, kaya ko rin." Lumagok siya nang mas marami. Sabi nila na pampalakas daw ng loob at pampatapang ang alak, ngayon niya iyon masusubukan.

Nang maubos ang laman ng kopita ay sinubukan niya iyong salinan uli.

"That's enough." Kinuha ng kasama ang bote at kopita sa kamay niya.

"Teka—"

"Ooops!" Inilayo nito ang bote at kopita sa kanya. "Enough, Sharynn, malalasing ka na."

Hindi na siya nagpumilit pa. Pakiramdam niya ay medyo gumaan ang katawan niya at para siyang nakalutang, pero hindi siya lasing. In fact, napakalinaw pa ng isipan niya.

“Ephraim…”

“Hmm?”

“Di ba, sinabi mong gusto mo ’ko?”

“Oo.”

“Hindi kita gusto,” prangkang aniya. Hindi ito umimik. “Pero gusto kong magkaanak. Bigyan mo ’ko ng anak.”

Hindi ito nagsalita. Matiim lang ito na nakatitig sa kanya at tila nag-iisip.

“Malaya kang gawin kahit anong gusto mong gawin. Paliligayahin kita, pero bibigyan mo ako ng anak. Kapag nabuntis ako, hindi ka puwedeng maghabol. Akin lang ang bata. Maghihiwalay na rin tayo sa mga panahong iyon at kakalimutan nating nagkakilala tayo.”

“Ilang lalaki na ang inalok mo ng ganyan?” seryosong tanong nito.

“Ang totoo, ikaw pa lang.”

“Bakit?”

“Hindi ko kailangang magpaliwanag sa iyo. Inaalok lang kita. Gusto mo ‘ko, di ba? Or let’s rephrase it, gusto mo ang katawan ko. Imposibleng

magustuhan mo 'ko sa unang pagkikita lang. Kagaya ng ibang lalaki, pinagnanasaan mo lang din ako. Ibibigay ko sa iyo ang gusto mo, pero bibigyan mo ako ng anak." Malakas man ang kabog ng dibdib niya, hindi iyon mahahalata sa kanyang tono.

"Ano ang kapalit? Hindi ba parang lugi ako n'un? Sa pagkakaintindi ko sa sinabi mo, magse-sex tayo. Maliligayahan ako at maliligayahan ka rin, pagkatapos bibigyan kita ng anak. Eh, ikaw, ano ang maibibigay mo sa akin?"

Nag-init ang mga pisngi ni Sharynn. Parang nangangapal ang mukha niya sa kahihiyan, pero nilakasan niya ang loob.

"Hindi ako mayamang katulad mo. Kung aalukin kita ng pera, baka pagtawanan mo lang ako. Panandaliang kaligayahan lang ang maiaalok ko sa 'yo."

"Kagaya ng sinabi mo, may pera ako. I can have women as many as I want and besides, I don't need to pay them just to be with me."

Nahigit niya ang paghinga. Nanginig bigla ang tuhod at mga daliri niya. Tama ito, bakit hindi niya agad naisip iyon? Naibaba niya ang paningin. Hindi na siya makatingin dito nang derecho. God!

Kailangan niyang magpakatatag, siya ang nagsimula ng usapang ito kaya dapat panindigan niya.

“So tinatanggihan mo ’ko,” mahina sabi ni Sharynn.  Nakatutok ang mata niya sa mga kamay na nasa kandungan.

“I will make you a good deal.”

Napatingin siya rito. Derecho itong nakatitig sa mukha niya. Nag-init na naman ang mga pisngi niya.

“Marry me and we will raise your child together. Sinabi mong hindi mo ’ko gusto. You will in the process.  I will make you love me, too. Nagustuhan kita dahil ikaw ay ikaw. Gusto ko, hindi lang ang katawan mo kundi ang buong pagkatao mo.”

“Ayoko.”

“Then, hindi ko magagawa ang gusto mo.”

“Okay lang. Hindi lang naman ikaw ang lalaki sa mundo. May ibang lalaki din na papayag sa kondisyon ko.”

“Pumapayag na ’ko,” mabilis na tugon ni Ephraim.

Natulala siya; hindi makapaniwala. Nagulat

siya sa mabilis na pagpapalit nito ng isip. Totoo nga kayang nagustuhan siya nito sa ganoon kaikling panahon?

"Your place or mine?"

"H-ha?" Parang nablangko ang utak ni Sharynn. Hindi niya alam kung ano ang sasabihin.

"If you are really serious in everything that you've said, we better start now. Baka magbago pa ang isip ko."

Napalunok siya. "Y-your place."

WALA SIYA sa sarili nang marating nila ni Ephraim ang flat nito na nasa top floor ng *Radisson Hotel*. Napakabilis ng pangyayari. Para siyang nakalutang sa ulap at blangko ang isip niya. Hindi niya namalayan na nakapasok na pala sila sa flat nito at sa kuwarto nito.

"Would you like to take a shower?" tanong ng lalaki.

Napatango siya.

Habang naliligo ay parang wala pa rin siya sa sarili. Automatic ang mga kilos niya, pero blangko

ang utak niya.

Paglabas niya ng banyo ay naabutan niya ito na nakasandal sa may pintuan ng kuwarto. Mga labindalawang hakbang ang layo nito mula sa kinatatayuan niya. Bagong paligo rin ito at nakaroba kagaya niya. Naisip niya na siguro may iba pang banyo doon bukod sa kuwarto nito.

"Come here, sweetheart," paanas na anito.

Napahinga si Sharynn nang malalim. God, help me! Dahan-dahan siyang kumilos at sa bawat paghakbang ay nagsasalimbayan ang mga katanungan sa kanyang isip. Tama ba ang ginagawa niya? Hindi ba siya nabibigla? Puwede pa ba siyang umatras? Bukod sa asawa niya, makakaya ba niyang ipaangkin ang katawan dito? But she wanted a baby so badly!

Sa harapan nito ay para siyang tuod na nakatayo. Titig na titig ito sa mukha niya. Hindi niya napigilan ang panginginig. Wala pang ibang lalaking nakakahalik at nakakahipo sa katawan niya bukod sa asawa niya. Sana makaya niya.

"Hey, relax." Hinawakan ni Ephraim ang magkabilang balikat niya.

Napahinga siya nang malalim. Ngumiti siya rito.

"Pasensya na, naninibago lang kasi ako." Ikinawit niya ang dalawang kamay sa batok nito. Amoy na amoy niya ang mabangong sabon na ginamit nito.

"God! You're very beautiful." Unti-unting bumaba ang labi nito sa kanyang labi. Sinalubong niya ang halik nito. He was very gentle. He thrust his tongue inside her mouth. She welcomed him. She could feel a familiar sensation from his mouth. He cupped her nape to deepen the kiss. Napaungol ito.

Tinanggal nito ang kanyang roba. She felt his big hands moved gently in her bossom. Napaliyad siya. Isinandal siya ni Ephraim sa dahon ng pinto. She started to untie his robe, too. Nalaglag iyon sa sahig. Pinagapang niya ang mga daliri sa malapad nitong dibdib at likuran. Napaungol muli ito.

He left her lips and started kissing the delicate curve of her neck. Napatingala siya. Mayamaya pa ay unti-unti nang bumaba ang mga labi nito sa kanyang dibdib. He suckled each breast like a hungry baby. Napasinghap ang babae. Napapikit. She felt his hand moved in between her legs. She felt his fingers inside her. Nasabunutan niya ito.

"Oh! Bernard…" ungol niya.

Napahinto ang lalaki kaya napadilat siya. Para siyang binuhusan ng malamig na tubig. God! Ano ang nasabi niya?

Nagmamadaling kumalas siya rito at tumakbo papasok sa banyo. She locked the door. Walang tigil sa pag-agos ang kanyang luha. Kumuha siya ng tuwalya at ipinantapi sa hubad na katawan. Napaupo siya sa tiles habang humahagulhol. Muli pa ay nabuksan ang mga sugat at alaala na matagal na niyang ibinaon sa limot.